

COVID-19

Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho: Impormasyon para sa mga manggagawa

Sa ilalim ng modelo ng mga batas sa Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho, ang iyong tagapag-employo ay may tungkuling pangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng kanilang mga manggagawa at iba pang tao sa lugar ng trabaho.

Ano ang kailangang gawin ng mga manggagawa?

Ikaw ay may matriwang tungkuling pangalagaan ang iyong sariling kalusugan at kaligtasan, at hindi magkamaling makaapekto sa kalusugan at kaligtasan ng iba.

Kailangan mong sundin ang anumang makatwirang mga patakaran o tagubilin na ipinatutupad ng iyong tagapag-employo bilang tugon sa COVID-19. Kasama dito ang pagtrabaho mula sa ibang lokasyon, tulad ng pagtatrabaho mula sa bahay.

Ano ang kailangang gawin ng mga tagapag-employo?

Kailangang tukuyin ng iyong tagapag-employo ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho mula sa pagkakalantad sa COVID-19 virus, at hangga 't maaari, maglagay ng angkop ng mga pangontra. Kailangan nilang sundin ang mga ipinag-uutos ng pamahalaan, kabilang ang pagpapatupad ng angkop na [physical distancing](#) – pag-uutos sa lahat ng nasa lugar ng trabaho na maging malayo ang distansiya sa isa't isa nang hindi kukulangin sa 1.5 metro ang pagitan.

Ang mga panganib mula sa COVID-19 virus ay maaaring pisikal o psychosocial.

Ang maaaring gawin ng iyong tagapag-employo upang kontrolin ang panganib ng pagkalantad sa COVID-19 virus ay depende sa iyong pinagtatrabahuhan at sa trabahong iyong ginagawa. Ang iyong tagapag-employo ay dapat makipag-usap sa iyo tungkol sa plano nilang gawin.

Maaari silang:

- magpatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang pisikal na pakikipag-ugnay ng mga tao-panatiliing malayo sa isa't isa ang lahat ng nasa lugar ng trabaho nang hindi bababa sa 1.5 metro ang pagitan.
- maghikayat sa lahat ng nasa lugar ng trabaho na ugaliin ang [tamang kalinisan \(good hygiene\)](#) sa pamamagitan ng pagpapagamit ng tamang mga pasilidad para sa kalinisan upang makapaghugas ang mga trabahador ng kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, o makagamit ng panlinis sa kamay na may alkohol
- magbigay ng magagamit na pansariling kasuotang pangkaligtasan (personal protective equipment)
- gawing mas madalas ang paglilinis sa lugar ng trabaho
- limitahan ang pagpasok ng ibang tao sa pinagtatrabahuhan
- ipag-uutos sa iyong magtrabaho mula sa ibang lokasyon, tulad ng iyong tahanan – tandaan na maaari itong magbago, maragdagan o lumikha ng mga panganib sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho

Ano ang dapat kong gawin kung sa tingin ko ay mayroon akong COVID-19?

Dapat kang:

- [humingi ng payo sa paggamot \(seek medical advice\)](#)
- huwag pumasok sa trabaho
- magsabi sa iyong tagapag-empleyo sa lalong madaling panahon at i-update ang mga ito kung ang iyong sitwasyon ay nagbago, halimbawa kung nakumpirma na ikaw nga ay may virus

Puwede ba akong tumigil sa trabaho kung hindi na ito ligtas?

Kung may mga pag-aalala ka tungkol sa iyong kaligtasan, kausapin ang iyong tagapag-empleyo o Health at Safety Representative (HSR).

Sa ilang mga sitwasyon ang mga manggagawa ay may karapatang huminto o tumangging magsagawa ng hindi ligtas na trabaho. Mayroon kang karapatang ganito kung mayroong makatwirang pag-aalala na ikaw ay malalantad sa malubhang panganib sa iyong kalusugan at kaligtasan mula sa isang kagyat o napipintong panganib - maaaring kasama dito ang pagkakalantad sa COVID-19 virus.

Kung huminto ka ng trabaho dahil hindi ito ligtas, kailangan mong sabihan ang iyong tagapag-empleyo sa lalong madaling panahon. Pagkatapos ay kailangang handa ka ring magsagawa ng angkop na alternatibong trabaho, tulad ng pagtatrabaho mula sa bahay.

Karagdagang impormasyon

Para sa impormasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho, pumunta sa [Safe Work Australia website](#)

Para sa impormasyon tungkol sa iyong pagliban at sahod, pumunta sa [Fair Work Ombudsman](#)

Para sa impormasyon tungkol sa kalusugan, pumunta sa [health.gov.au](#)

Mangyaring tandaan na ang batayang mga batas ng WHS ay ipinatutupad sa lahat ng hurisdiksyon maliban sa Victoria at Western Australia. Para sa impormasyon na partikular sa lokasyon ng iyong trabaho, mangyaring kontakin ang may-kinalamang [tagapagpatupad ng WHS sa iyong estado o teritoryo \(WHS regulator in your state or territory\)](#).